

1

“You look awfully tired, Christian.”

Napatingin ang tagapagmana ng *Santillan and Mondragon Corp.*, isang matagumpay at prestihiyosong real estate company sa Pilipinas, kay Iris Buenafranca. The expression on his handsome face was blank, pati ang mga mata nito ay walang ekspresyon at malamig lang na nakatitig sa kanya.

Napahigit ng hangin si Iris, talagang may mali sa binata. This was so unlike him. Christian was warmth, hope and happiness. He had always been her shining star since she was a kid at nagsisikip ang dibdib niya na makita ang kanyang bituin na nagsilbi niyang ilaw at pag-asa mula pagkabata ay tila nawawalan ng liwanag.

Gusto niyang hawakan ito sa pisngi, pero pinigilan niya ang sarili. Nagkasya na lang siya sa pagsasalita ulit.

“You’ve been spacing out a lot kaninang nasa *CRIBS* tayo, may problema ba?” aniya, puno ng pag-aalala sa boses.

Matagal na tinitigan ng binata si Iris, na naging

dahilan para dumaloy ang halos lahat ng dugo sa kanyang mukha. Christian really had one of the most intense gazes. Napalunok ang twenty-three-year-old chemist, pinilit niya ang sariling huwag iiwas ang tingin sa binata.

“Uhh... err...” she stuttered. Christian smiled that goddamn gorgeous smile. Kinagat niya ang labi nang maramdaman ang heart palpitation. For the hundredth time, naisip niya na dapat gawing illegal ang pagiging ganoon kaguwapo. Masama iyon para sa puso niya. Pagkatapos, tila ba talagang gusto siyang bigyan ng heart attack, itinaas nito ang isang kamay para hawakan siya sa mukha.

Lalo siyang namula at bumilis pa ang tibok ng kanyang puso.

“Bakit ba alam mo lagi kapag may problema ako? How come you know exactly that something’s wrong?” he said softly, his handsome face tenderly looking at her as if she was a precious flower he found in a dark place.

Pinilit niya ang sariling manatiling kalmado.

“Well,” anas niya, “matagal na tayong magkakilala. I... You have always been my closest friend since I was seven. Remember the first time we met? Sa charity

foundation din iyon. Party iyon, nobody wants to talk to me because I was a snob, pero lumapit ka at kinausap ako. You were really very friendly.”

Lumapad ang ngiti ng binata. “You were never a snob. They just misunderstood you. Mahiyain ka lang talaga.”

“Well... uhh, yeah.” She smiled timidly.

Lumapad ang ngiti ni Christian at sa kanyang pagkagulat, kinabig siya nito at niyakap.

“Christian—”

“Alam mo ba na napaka-honest ng expression ng mukha mo?” anas nito, mahigpit ang yakap sa kanya. She stiffened, her heart beating madly in her chest. “You are so honest, so open, so trusting...” He was shaking.

“Christian...”

“You were never afraid to show how you feel. You’re always so trusting.” Lalo nitong hinigpitan ang yakap sa kanya. “When I’m with you, I don’t have to pretend. When I’m with you, I just have to be myself. I...” He gritted his teeth.

Lalo tuloy siyang kinabahan. Mabilis siyang kumalas ng yakap para tingnan ito sa mukha. Pati

siya bahayang nanginginig din.

Mabilis niyang hinagilap ang mukha nito at iniharap sa sarili. Malalim ang paghinga nito; looking utterly frustrated and helpless. Marahas nitong nasuklay ng kamay ang buhok.

“Christian...” Mariin nitong pinikit ang mga mata.

“I’m getting married, Iris.”

Nakakamangha kung paanong kayang baguhin ng ilang salita ang buong mundo ng isang tao. Suddenly, it seemed as if all the light in the world had gone out. Kung gaano kabilis ang tibok ng puso niya kanina, siya namang ibinagal ngayon. Matapos ang ilang sandali, tuluyan na yata iyong huminto.

Malamig ang ekspresyon sa mukha ni Christian nang muling tumingin sa kanya. “I’m getting married,” ulit nito sa walang emosyong boses. “You know her. It’s Fiona Santillan, business associates ang family namin sa simula pa lang. We were betrothed since we were kids. The engagement was finalized yesterday.”

Sa likod ng isip niya, nag-flash ang napakagandang mukha ng binanggit nitong babae. Ito ang ice princess ng *Santillan and Mondragon Corp.* Nanatili lang siyang tulala at nakatitig sa binata.

Iniwang ng binata ang tingin sa kanya. “Isasabay ang engagement party bukas sa centennial anniversary ng corporation.” May kinuha ito mula sa CD case ng kotse at inabot sa kanya. It was an invitation. Inilagay iyon ng binata sa kanyang palad, pero halos hindi niya namalayan iyon. She stared at her hand; it looked so foreign to her, as if it belonged to someone else.

“You have to come. Ikaw ang representative ng *Delaware Pharmaceuticals*; ang apo at nag-iisang tagapagmana ng lolo mo. Kailangan mong pumunta,” he said it mechanically, coldly, walang pakialam kahit na gumuguhong ang mundo niya sa harapan nito.

Sa likod ng isip ni Iris, nagtataka siya kung bakit umiikot pa rin ang mundo. Bakit nagsasalita pa rin si Christian? Bakit patuloy pa rin sa paggalaw ang lahat? Hindi ba nila alam na nagunaw na ang mundo niya?

“Importanteng business associate din kayo ng pamilya. Your lolo holds stocks in the corporation. Gusto kong panatilihin ang magandang relasyon sa pamilya mo.” Napatingin ito sa suot na wristwatch. “I have to go now. Fiona is waiting for me.” Binalik siya sa katotohanan ng mga salitang iyon.

Naramdaman niya ang panginig ng kanyang

labi at ang pag-init ng mga mata. Siyempre walang pakialam ang mundo kahit ano ang mangyari sa kanya. Patuloy itong iikot at hindi siya hihintaying makabawi. Yes, hindi siya hihintayin ng mundo kaya siya ang kailangang magpatuloy. It had always been that way.

“I... yes, of course,” ang tangi niyang nasabi. Nagsimula nang manlabo ang mga mata niya dahil sa luha, pero hindi na ito nakita ng binata dahil hinahagilap na niya ang latch ng pinto ng kotse. Nang sa wakas ay mabuksan niya iyon, muling nagsalita si Christian.

“Iris, mula ngayon, tingin ko mas makakabuti kung hindi na tayo magkikita pa nang madalas.”

Tuluyan nang tumulo ang kanyang luha. She bit her lip hard.

“Yes, of course,” anas niya, pilit ginagawang steady ang boses. Nanginginig na lumabas siya ng kotse.

Pagkalabas, ni hindi man lang siya tinapunan ng tingin ng lalaking mahal niya mula noong seven years old siya. Nanatiling matigas ang ekspresyon sa mukha nito at nakatitig lamang sa daan.

She felt her heart breaking into pieces.

Binuhay nito ang makina at pinaandar ang sasakyan. Doon lang niya hindi napigilan ang sariling tuluyang humagulgol. Gusto niya sanang sa kuwarto na siya mag-emote, pero hindi na talaga carry ng powers niya ang sakit.

“Iris Buenafranca?” tawag ng isang mababang tinig sa kanya. Kahit na tila pinipiga pa rin ang dibdib, suminghot siya at mabilis na pinahid ang luha. Muli, isa itong testamento na walang pakialam ang mundo kung kailangan niya ng oras para ipagluksa ang pagkamatay ng kanyang puso.

“Yes, sino po sila? Ano po’ng kailangan nila?” Nanginginig pa rin ang boses, mabilis siyang humarap sa lalaki.

She was trained that way. Siya ang nag-iisang successor ng *Delaware Pharmaceuticals* kaya kailangan niyang maging malakas at matibay kahit sa anong pagkakataon. Makapaghihintay ang pag-iyak... makapaghihintay siya at ang pagdadalamhati niya.

Pero ang taong ito, hindi.

Natigilan siya nang makaharap sa lalaki. Sa kabila ng bagyo sa dibdib, hindi niya napigilan ang gulat nang makita ang nagsalita. Sa loob ng ilang sandali, akala niya ay nakakita siya ng apparition. Matangkad

ito, marahil kasing-tangkad ni Christian at mga 6'1" din o higit pa. Pero iyon lang ang pagkakapareho ng dalawa. Kung si Christian ay iyong pretty boy at princely ang dating, ang lalaking ito, very masculine ang pagkaguwapo, tila naglalabas ito ng alpha male pheromones.

He looked like a frightening demigod.

The 'demigod' was wearing a simple black shirt and black jeans. Maitim din ang buhok nito gayundin ang mga mata. Everything about him looked strong and sharp—from his well-toned body to his jaw line, to his chin and aristocratic nose. Ang tanging tila malambot lamang dito ay ang mga labi nito. Hindi niya alam kung bakit, ngunit may kung ano sa estranghero na gusto niyang katakutan.

“Ah, y-yes,” nautal na aniya. “Yes, I’m Iris Buenafranca, sino sila? Ano’ng maitutulong ko sa kanila?”

Tumaas ang isang sulok ng labi ng lalaki at sa kung anong dahilan, kinabahan talaga siya. The way his gorgeous lips curled into a smile made her feel like he was the devil making a pact with her.

Humakbang ito palapit sa kanya at awtomatiko siyang napaurong.

“Well, marami kang matutulong sa ’kin.” His voice was like dripping chocolate on vanilla ice cream—thick, dark, rich and sinfully delicious. Napalunok siya nang malakas at napasandal sa poste sa kanyang likuran.

Huminto ito nang ilang sentimetro na lang ang layo nito sa kanya, ramdam na ramdam niya ang init ng katawan nitong tila sumusuot sa kanyang damit. Muli, napalunok siya. Napatingin siya sa gilid-gilid. Wala naman siguro itong balak gawing masama, di ba? Alas siete pa lang ng gabi at nasa tapat lang siya ng bahay nila. At kung mayroon man itong masamang balak, bakit naman ngayon pa? Sana pumili na lang ito ng ibang araw. She was suffering from a broken heart right now at gusto muna sana niyang mag-emote bago magpaalam sa mundo nang tuluyan. Pati ba iyon ipagkakait din talaga sa kanya?

“Err... ano’ng ibig mong sabihin?” aniya, pilit tinatapakan ang kaba.

“I’ll tell you later, pero ang masasabi ko lang, marami rin akong maitutulong sa ’yo.” Bigla siya nitong hinaklit sa baywang at may puting panyo na itinakip sa kanyang bibig at ilong.

Masyadong mabilis ang binata. Huli na bago pa siya nakapag-react. Umepekto na ang gamot bago pa

siya makapag-panic at makalaban. Kunsabagay, noon pa man slowpoke na siya. Mababa nga ang grades niya sa P.E. mula noong kinder siya.

Unti-unti nang nawawala ang kanyang malay. Muli, naramdaman niya ang sakit sa dibdib. She supposed the day her heart was broken was also the day she would die literally. Marahil literal na matatapos na ngayong gabi ang kanyang mundo.

Kung alam lang niya na mangyayari ito, sana hindi na siya nag-emote kanina. Sana niyakap niya ulit si Christian at nginitian. Sana na-congratulate niya ito at sinabi na maging masaya.

Yes, she wished for his happiness. Kung magiging masaya ito, magiging masaya na rin siya. Iyon lang naman ang laging hiling niya, ang maging masaya ang mga taong mahal niya—from her mother to her father to her beloved Christian. She truly, genuinely wished for their happiness. Kahit na ang ibig sabihin pa noon ay kailangan siyang iwan ng mga ito.

Bago tuluyang kinain ng dilim ang buong paligid, isang patak ng luha ang kumawala sa kanyang mata.

2

Ang buong akala ni Iris Buenafranca, sa oras na magkamalay siya, kung magkakamalay man siya, duguan na siya, walang saplot sa katawan at nasa tambakan ng basura. Or at the very least, nakatali sa isang upuan. Kaya naman laking gulat niya nang sa kanyang paggising, natagpuan niya ang sariling nakahiga sa isang magarang kama sa loob ng isang malawak na kuwarto. Wala ni isang patak ng dugo o pasa man lang sa katawan, pati ang damit niya ay wala ni isang gusot man lang.

Napangiwi siya sa sarili. Ibig sabihin ba noon kahit sa isang kidnapper wala siyang appeal? Dapat hindi, pero na-depress siya sa kaisipang iyon. Bumukas ang pinto ng silid at iniluwa niyon ang ‘demigod’. Agad siyang nag-tense.

“Easy, I’m not gonna bite,” he drawled in that awfully, sinfully, gorgeous voice.

Pero hindi siya nagpadala, mabilis na lumipad ang mga mata niya sa paligid para makahanap ng sandata.

“Look, wala akong gagawing masama sa iyo.

Pakinggan mo muna ako.”

Nanginginig ang mga labing tinapunan niya ito ng masamang tingin. “Gusto mong pakinggan kita? You kidnapped me and you want me to stay calm and listen to you? Naririnig mo ba ang sinasabi mo?” drama niya.

Humigit ng hangin ang guwapong binata at tinitigan siya nang matabang. “Look, spoiled princess, I’m here to talk business. I’ll get to the point fast. Ano’ng relasyon mo kay Christian Mondragon?”

Natigilan siya. Biglang nanikip ang dibdib niya nang marinig ang pangalan ng binata. Naalala niya ang malamig na ekspresyon sa mukha nito habang sinasabi sa kanyang magpapakasal na ito sa ibang babae.

Mabilis niyang iniwas ang tingin sa ‘demigod’.

“A-ano’ng ibig mong sabihin?” tanong niya.

Narinig niya ang pagak nitong pagtawa at nang lumipad ang tingin niya rito, nakakaloko ang ngiti nito sa kanya.

“You love him, don’t you?”

Namutla si Iris. “T-that’s not true,” she stammered.

Humigit ito ng hangin. “Come on, ’wag mo nang itanggi. Kitang-kita sa mukha mo. Alam mo bang para kang iniwang tuta kanina nang umalis siya? You looked pathetic.”

Luhaan ang mga mata, matalim niyang tinitigan ang estranghero. How dare he ridicule her when she was already so broken. Sigurado siyang labag iyon sa human rights niya. Masyado iyong malupit! Para iyong pagtadyak sa tutang bugbog-sarado na. But then again, the world had always been unfair to her.

Tumaas ang isang sulok ng labi nito. “You love him. ’Wag mo nang itanggi,” ulit nito. “Pero alam mo kung ano? May good news ako sa ’yo. Sa tingin ko, mahal ka rin niya. Kung magiging totoo ka sa sarili mo, aaminin mong sa palagay mo, may nararamdaman din siya sa ’yo.”

Muli, natigilan siya roon. She did not like it but a pitiful, pathetic, heartbreaking bud of hope started springing from the deep recesses of her heart.

Lumapad ang ngiti ng lalaki nang makita sa kanyang mukha ang pag-asang walang pakundangang umusbong dahil sa mga salitang sinabi nito sa kanya.

“Tutulungan kitang makuha siya. Tutulungan kitang pigilan ang kasal niya. You see, his fiancée?

Si Fiona Santillan? I'm in love with her and she loves me, too. Pero kagaya ni Christian, nape-pressure din siya ng pamilya niya na magpakasal. Their families go a long way back kaya wala silang magawa. Pero kung tutulungan natin sila, they can cut that engagement before it's too late." Matigas ang boses nito.

Napaawang ang bibig niya. "A-ano'ng ibig mong sabihin?"

He gave her that smile that made her feel like she was having a deal with the devil. "We'll seduce them. Pagseselosin natin sila by acting as a couple. Sigurado akong magagalit si Christian kapag nakita kang may kasamang iba, ganoon din si Fiona sa 'kin. At the same time, we will also actively and aggressively pursue them. Trust me, magtatagumpay tayo."

Tuluyan nang bumagsak ang panga niya.

"Are you insane?" di niya napigilang itanong.

His handsome face turned even more serious. "No, I am not. Siguro nga nakakatawang pakinggan, parang ang babaw ng plano at gasgas na. Pero kung iisipin mong mabuti, it's actually a good idea."

Ilang segundo niya itong tinitigang mabuti, ang bibig ay nakaawang pa rin. He really looked serious. Hindi niya napigilan ang paghigit ng hangin at ang

pagsuklay ng buhok gamit ang mga daliri.

“Well, I... I really don’t know,” sambit niya. “I don’t even believe Christian really love me like you said, pero... pero kahit pa, I don’t think this is a good idea.” Tinitigan niya ito nang derecho sa mata. “I’m sorry, I can’t help you. At sa tingin ko, mas makakabuti kung hindi mo na ’yan itutuloy. Papahirapan mo lang si Fiona—”

“Hypocrite.” Malamig ang boses nito. “Duwag ka. Mahal mo si Christian. Hahayaan mo na lang ba siyang mapunta sa iba nang wala man lang ginagawa?”

Muli, naramdaman niya ang paninikip ng dibdib. Christian, her dear, beloved Christian, what would she give to have him?

Napakuyom-palad siya. “Exactly, I love him,” she said fiercely. “Mahal ko siya kaya kahit kailan, hangga’t kaya ko, hinding-hindi ko siya bibigyan ng problema. Marami na siyang problema, ayoko nang dumagdag pa.” Kinagat niya ang nanginginig na pang-ibabang labi. “Hindi ko alam kung totoo ang sinasabi mong may nararamdaman din siya sa ’kin, pero hindi na iyon ang mahalaga. Pumili na siya. Naniniwala akong pumayag siyang magpakasal dahil iyon ang tingin niyang pinakamabuting desisyon.

Kung guguluhin ko iyon, guguluhin ko lang siya. I will only make things difficult for him and I... I don't want that. I only want him to be happy.” Hindi niya namalayan ang pagpatak ng luha. Mataman niyang tinitigan ang guwapong lalaki sa kanyang harapan.

“Ngayon, kung mahal mo rin talaga si Fiona, magtiwala ka sa desisyon niya at pakawalan mo na siya. 'Wag mo siyang bigyan ng proble—”

Marahas itong tumawa.

“What a joke!” he spat. Tumayo ito at may kinuhang isang envelope sa drawer. Binuksan nito iyon at may kinuhang mga litrato sa loob.

Nanlaki ang mga mata niya nang makita kung ano ang nasa pictures na iyon. Silang dalawa ang nasa larawan. Naka-underwear lang siya sa picture at ganoon din ang binata. Sa style ng pagkakuha ng mga larawan, tila gising siya at may ginagawa silang kung ano.

“A-ano 'yan?” she freaked out. Marahas na hinablot niya ang mga pictures. Nanginginig ang mga kamay na tiningnan niya isa-isa ang mga ito. Dear Heavens, aatakin ang lolo niya kapag nakita ang mga ito!

“Well, you see, my dear Iris,” he drawled in that

chocolate syrupy voice of his, “alam ko kasing goody two-shoes ka. At alam ko rin na takot kang madungisan ang pangalan ng pamilya mo at ma-disappoint sa iyo ang lolo mo.” He sneered disgustedly and added, “So may Plan B ako kung sakaling hindi ka pumayag nang kusa sa plano ko.”

Nanlalaki ang mga matang napatitig siya rito.

Nakataas pa rin ang isang sulok ng labi ng kaharap. “Yes, Iris, kung hindi ka papayag, ikakalat ko ’yan sa net at pagpipistahan iyan ng lahat ng tao sa Pilipinas. Isipin mo na lang ang mangyayari sa stocks ng *Delaware*, not to mention ang sakit ng loob sa lolo—what the—!”

“Parang awa mo na, huwag!” Napasigaw ito sa bigla niyang pagluhod at pagyakap sa binti nito.

“Hey! What the f*ck!”

“Wag! Utang na loob! ’Wag mong ikalat ’yan! Mamamatay sa kunsumi si Lolo, please huwag!” pagmamakaawa niya.

“Hoy, ano ba! Tumayo ka nga d’yan!” Pinilit siya nitong itinatayo pero hindi siya tuminag, lalo niyang hinigpitan ang yakap sa binti nito. Wala na siyang pakialam sa pride, poise at dignity. Gustuhin man niyang maging kagaya ng mga astig at kick-ass girls sa

TV, pelikula at libro na napapanood at nababasa niya, hindi niya kaya. She was shy, quiet and pathetically ordinary ever since. Kaya ang magmakaawa lang ang kaya niyang gawin. At talagang magmamakaawa siya rito. Kung kailangan niyang lumuhod, humagulgol at maglupasay sa binata para lang huwag nitong ikalat ang pictures na iyon, gagawin niya.

“Kung sino ka man, utang na loob, maghunus dili ka! Maawa ka! Utang na loob, maawa—!”

“Stop it, ano ba!” asik nito at umupo rin dahil ayaw niyang tumayo. Masama siya nitong tinitigan. “God, wala ka bang kahihiyan? Stop kneeling! Kung ayaw mong ikalat ko ’to, then pumayag ka sa sinasabi ko.”

“I can’t,” hagulgol pa rin niya. “Ayoko. I r-really can’t. I... I...” singhot niya. “I... really... love Christian.”

Tuluy-tuloy ang pagbasak ng kanyang luha, patuloy rin sa paninikip ang kanyang dibdib habang iniisip ang tanging lalaking minahal niya buong buhay niya, ang tanging lalaking pinangarap niyang makasama sa buong buhay niya. Pero kagaya ng lahat, hindi rin siya nito kayang mahal. Gaya ng iba, hindi rin siya nito kayang piliin.

Walang habas ang paglalandas ng kanyang luha. “Mahal ko siya. Mahal ko talaga siya...” Nabasag ang boses niya habang panay ang nguyngoy niya. “Ayoko siyang pahirapan, I can’t do that to him. I won’t!”

“Then, bahala ka! Ikakalat ko ’to!”

“Wag!” Muli niya itong niyakap sa binti. “Please huwag mong gawin ’yan!” she cried. “Parang awa mo na!”

“Wala akong pakialam!”

“Huwag! Maawa ka! Utang na loob! Maghunus dili ka! Huwag!” Kung may makakarinig sa kanya, aakalaing nire-rape siya o kaya ay kinakatay nang walang awa.

“Goddamit! Tumigil ka na! Baka akalain nila kung ano’ng ginagawa ko sa ’yo!”

“Wag mong gawin ’yan! Please!”

“F*ck! Stop crying!”

“Kung may puso ka, ’wag mong gawin ’yan!”

“Stop it!”

“Huwag!”

“Fine!” bulyaw nito at marahas siyang itinayo.

“I get it! Hindi na! Tumigil ka na!” Marahas nitong pinahid ang luha niya. “Dammit, stop crying!” asik nito.

She continued sobbing loudly and pitifully.

“I won’t do it, all right! I won’t!” asik nito sa nagnganga na ngipin. Humigit ito ng hangin at napasuklay sa buhok ang isang kamay. “Damn, I don’t believe this.”

Muli siya nitong tinapunan ng matalim na tingin saka kinuha ang digital camera sa isang drawer.

“O, ’ayan, i-delete mo. Kunin mo pati memory card,” singhal nito sa kanya.

Nanginginig at sumisinghot pa na tinanggap ni Iris ang camera, binura ang mga pictures at kinuha ang memory card doon at sinira iyon.

“Ayusin mo na ang sarili mo, ihahatid na kita,” anito sa matigas na boses saka lumabas ng kuwarto.

Ilang minuto pa ang kinailangan para tuluyan siyang tumigil sa pag-iyak. Nang kaya na niya ang sarili at medyo kalmado na, luhaan at sumisinghot pang tinungo niya ang banyo at humarap sa salamin.

Ang babaeng nakita niya sa salamin ay tila double ni Sadako sa pelikulang *The Ring*. Naka-

plaster sa namumutla niyang mukha ang tuwid na tuwid at itim na itim niyang buhok. Pulang-pula ang ilong at namamaga ang kanyang mga mata. Parang gusto niya tuloy lalo umiyak sa nakita.

Alam niyang hindi siya maganda pero ngayon, talagang ang pangit ng hitsura niya. She looked miserable and utterly pitiful. No wonder naawa sa kanya ang binata at hindi na tinuloy ang banta nito.

Still crying a little, pinalis niya ang luha at naghilamos ng mukha. May nagbukas ng pinto at pumasok ang isang matandang babae.

Nag-tense na naman siya.

“Hija, pasensya ka na ha?” Lumapit ito at inabutan siya ng tuwalya. Alanganing tinanggap niya iyon.

“Salamat po,” sabi niya, medyo paos pa dahil sa kasisigaw kanina.

“Pasensya ka na kay Sir Leon, mainitin kasi ang ulo n'on at mainipin. Ako si Manang Ising, PA niya.”

Napatango siya.

“Wag kang mag-alala, hindi naman niya talaga balak ikalat 'yong pictures na 'yon, tinatakot ka lang n'on. 'Wag mo nang isipin 'yon.” Hinagod nito ang

kanyang likod.

Napatango na lang siya uli habang tinutuyo ang mukha.

“Mahal lang kasi talaga niya si Ma’am Fiona. Magkababata ang dalawang iyan.” Kumuha ito ng suklay at tinulungan siyang ayusin ang buhok. “Ang totoo, kapatid ni Sir Leon si Sir Christian.”

Nanlaki ang mga mata niya sa narinig.

“Ang ibig n’yo pong s-sabihin... siya si Leon Arturo Mondragon?” anas niya.

Tanyag na modelo at drag racer ang nakatatandang kapatid ni Christian. Nakilala lamang niya ang lalaki mula sa ilang pahapyaw na kuwento ng kaibigan. Christian didn’t like talking about his family very much. Kapag pumupunta naman siya sa bahay ng mga ito kapag may mga function, hindi dumadalo ang nakatatandang lalaki kaya kahit kailan hindi pa niya ito nakita. At dahil mula pagkabata ay puro libro na ang kaharap niya, wala siyang panahon para makinig ng mga news tungkol sa mga celebrities. Heck, kahit nga makasalubong niya si Richard Gutierrez o si Robert Pattinson, hindi niya makikilala.

“Ampon si Sir Leon. Anak siya ng malayong kamag-anak ni Sir. N’ong mamatay ang mga

magulang ni Sir Leon n'ong fifteen siya, inampon na siya ng tatay ni Sir Christian,” kuwento ng matanda habang patuloy na sinusuklay ang kanyang mahaba at tuwid na tuwid na buhok.

“Tapos ka na ba?” Narinig niya ang matalim na boses ni Leon mula sa labas ng kuwarte. “Come on, it's late. May trabaho pa 'ko,” asik nito.

Napangiwi ang matandang nagsusuklay ng kanyang buhok.

“Pasensya ka na talaga, ha? Sandali, pagsasabihan ko ang batang 'yan.” At nagmartsa palabas ang matandang babae.

“Hoy, Leon, tama ba naman ang trato mo kay Miss Iris, ha?”

”Yaya Ising, 'wag n'yo na 'kong sermonan, at bakit 'andito pa kayo? I told you to go home. Staying up late is not good for you. S'abi ng doctor n'yo, bawal ang magpuyat,” narinig niyang tugon nito sa matanda.

“Eh, kung hindi ako magpupuyat at sasamahan ka, kung anu-anong kalokohan ang gagawin mo. Tingnan mo nga ito, nalingat lang ako at kung ano na ang ginawa mo.”

“Sige na, Yaya, umuwi ka na.” Matigas ang boses

ng lalaki.

“At anong klaseng PA ang hindi kasama ng alaga nito, aber?”

“Sinabi ko naman, sa umaga puwede. Pero sa gabi, hindi na. Yaya, ’wag matigas ang ulo, uwi na.”

Narinig niya ang pagbuntong-hininga ng matanda. “O siya, siya, sige na. Uuwi na.”

Matapos ang ilang sandali, narinig niya ang pagbukas at pagsara ng pinto. Pagkatapos, muntik na siyang mapatalon nang biglang bumukas ang pinto sa banyo.

“Hurry up. Ihahatid na kita,” he snapped, sabay pabalibag na sinara ang pinto nang lumabas ito.

3

Limang minuto na silang nasa loob ng kotse at nagbibiyaha pero wala pa rin silang imikan ni Iris. Alayuna na nang madaling araw at halos wala nang tao sa kalsada. Pagdating sa intersection, nagkulay-pula ang ilaw at tumigil siya. Napansin niyang napatingin sa kanya ang katabi. Sumimangot siya; hindi niya ito pinansin at nagpatuloy sa pagmamaneho nang magkulay-berde na ang stop light.

Pagliko nila sa isang kanto papunta na sa street ng New Manila, may bigla na lang tumawid na matandang lalaki. Kung hindi lang nasa sixty ang takbo niya, baka nabundol niya iyon.

“What the hell...” he said through his teeth. Ang matanda na nagulat din, prenteng huminto pa sa gitna ng kalsada paharang sa kotse niya. Inikot niya ang mga mata at sumenyas na tumawid na ito. Mabilis itong tumakbo papunta sa kabilang side ng kalsada.

Matapos ang ilang minuto, narating na nila ang gate ng bahay ng dalaga. Walang imik niyang hininto ang kotse.

“Thank you,” narinig niyang untag ng babae.

Napatawa siya nang pagak at nakakalokong tinitigan ito.

“What? Hindi mo kailangang magpanggap sa ’kin. I know you hate me,” uyam niya.

Napakagat-labi ito at tila napahiya. “Yes, siguro nga nagpapakaipokrita ako.” Tila nahihiya ang boses nito. He found himself getting pissed and irritated.

“Will you stop it?” singhal niya. Napapitlag ito roon. “Naiinis talaga ako sa mga ipokritang tulad mo. If you hate me, just say it. Don’t worry, I won’t take it against you.”

Tila lalo itong napahiya at nasaktan sa sinabi niya.

“I... I’m sorry if I offended you...”

“Goddamit, just get out. You’re really annoying me with your goody-goody attitude.”

“Oh, okay. Sorry talaga...” Binuksan na nito ang pinto, pero bago lumabas, sandali itong humarap uli sa kanya.

“What?” he snapped.

Napakagat-labi ito, halatang hindi sigurado sa

gustong sabihin. He rolled his eyes, hindi niya talaga alam kung ano ang nakita rito ni Christian. She was pathetic at walang backbone; kung maganda sana ito ay maintindihan niya. But she wasn't even exceptionally good-looking. Siguro nga ay mas magiging maganda ito kung mag-aayos nang tama. Pero kahit na gawin pa nito iyon, hindi ito ang tipo na magiging outstanding. Fiona was way way better.

“Yong tungkol sa plano mo. Ano... sa tingin ko talaga, hindi mo na dapat iyon ituloy. Please huwag mo nang ituloy—”

“Will you just get out?” asik niya ulit. “Ayokong marinig ’yan sa isang kagaya mo na hindi alam ang ibig sabihin ng maiwan. Ayoko ’yang marinig sa isang kagaya mo na prinsesa kung ituring ng lolo mo.”

Again, she looked hurt. At muli siyang nakaramdam ng guilt. He always had a soft spot for crying girls.

Muli siyang humigit ng hangin. “Look, I’m sorry. I didn’t mean that. Pasensya na talaga, pero puwede ba, ’wag mo na ’kong kulitin tungkol sa plano ko? Kung ayaw mo ’kong tulungan, fine. Pero ’wag mo ’kong sabihan na itigil ’yon.” Matigas ang boses niya.

Nakita niyang pinilit nitong kalmahin ang sarili

sa pamamagitan ng paghigit ng malalim na hininga. Pagkatapos ay lumabas na ito ng kotse.

“Thanks for the ride,” mahina nitong usal habang akmang lalabas na nga ng kotse niya.

“You really love Christian a lot, don’t you?” untag niya bago pa ito tuluyang makalabas.

Natigilan ito. Isang mapang-uyam na ngiti ang sumilay sa kanyang labi.

“What a martyr,” he sneered. “Talagang gagawin mo ang lahat para lumigaya siya, ano? Kahit tinakot kita, ayaw mong bumigay para sa ikaliligaya at sa kapakanan ng taong mahal mo. So paano na kung sabihin niyang gusto ka pa rin niya, pero magpapakasal pa rin siya kay Fiona? If he asked you to be his mistress, papayag ka ba? If that would make him happy, gagawin mo ba?”

Napatingin ito sa kanya. The hurt look on her face made him feel like such an asshole. Lumamlam ang mga mata nito.

“Yes, tama ka, I love him. Pero hindi lang iyon ang dahilan kaya hindi ako pumayag sa gusto mo. Ayoko siyang masaktan, ayoko siyang guluhin kaya hindi ako pumayag sa plano mo kahit na tinakot mo pa ’ko. But that’s not the only reason.” Her eyes

became sadder.

He cocked an arrogant brow. “Oh, really?” he retorted.

Kinagat nito ang pang-ibabang labi. “I don’t want to live in fear. Ayokong mabuhay na laging natatakot sa sasabihin ng ibang tao. Ayokong gawin ang kahit na anong bagay dahil lang tinakot ako. Ayokong makontrol ng takot ko. Kung sinunod kita dahil sa takot ko sa gagawin mo, paulit-ulit na mangyayari iyon. Paulit-ulit nang gagawin ko iyon at ayoko ng ganoon.”

Siya ang medyo natigilan, mariin siyang napatingin dito. Halatang gusto nitong umiyak pero pinipigilan lamang. He found himself breathing uneasily, hindi rin niya napigilan ang bahagyang pagtiim ng bagang.

Humigit ito ng hangin para kalmahin ang sarili. “Good night. Thanks again for the ride.” Tuluyan na itong lumabas ng kotse at naglakad palapit sa gate ng bahay nito at pumasok doon.

Ilang minuto na rin siguro itong nakapasok sa gate, pero nanatili pa rin siya sa labas ng bahay nito. Nakatiim-bagang siya at malalim ang paghinga habang patuloy na nakatitig sa lugar kung saan

nakatayo kanina ang dalaga.

Marahas niyang iniwas ang tingin sa gate. Matapos ang ilang sandali, humigit uli siya ng hangin at napamasahe sa sentido. Pagkatapos, binuhay na niya ang kotse at nagmaneho palayo.

After about thirty minutes, nakarating na siya sa condo niya sa *Eastwood*. Pagka-park ng kotse sa basement, dumerecho siya sa elevator papunta sa floor ng unit niya. Muli, namasahe niya ang sentido; paulit-ulit niyang naririnig sa isip ang mga sinabi ni Iris habang nasa loob siya ng lift.

“Doesn’t want to live in fear, huh?” anas niya sa sarili.

Humigit siya ng hangin at napapikit nang mariin. Bumukas ang elevator at lumabas siya papunta sa unit niya. Pagtaas niya ng tingin, nagulat siya nang makita si Fiona sa labas ng kanyang pinto.

She was as beautiful as always. Naalala niya, noong una niya itong makita, napagkamalan niya itong anghel. He was so sick then, kamamatay pa lang ng nanay niya at dinala siya ng tatay ni Christian sa bahay nito para ampunin. He was looking for his mom and when he opened his eyes, he saw a girl with big brown eyes and long curly hair. Nag-aalala

itong nakatingin sa kanya noon, ang buong akala niya talaga nakarating na siya sa langit.

Pero ngayon, wala ni isang bahid ng pag-aalala sa mukha nito. Matalim itong nakatitig sa kanya. Malalaking hakbang na nilapitan niya ito.

“What are you doing here?” he asked tersely as he opened his door.

“Stop it, Leon,” balik-singhal nito sa kanya. “Wag mo na ’kong guluhin. Pabayaang mo na ’ko! Magpapakasal na ’ko kay Christian kaya itigil mo na ang pagtawag sa ’kin, ang pagpapadala ng mga bulaklak—”

“Do you love him?” malamig niyang putol dito. Hindi ito nakasagot. Malamig din ang mga mata niya nang tinitigan ito. “You love me,” mariin niyang sabi.

Iniwang nito ang tingin pero hinagilap niya ang mukha nito.

“Ano ba! Let go!” Ngunit hindi niya ito hinayaang maitulak siya.

“Bakit ba ayaw mo pang tanggapin?” marahas niyang niyugyog ang balikat nito. “You never loved Christian! Dependency lang ang meron ka sa kanya! You only want to be with him because you’re scared

of disappointing your parents. You only want to be with him because he's the person the society thinks is best for you! Pero ako ang mahal mo!"

"I don't love you!" she cried out.

Mapang-uyam na tumaas ang isang sulok ng kanyang labi.

"Oh, really," tuya niya.

"I *don't* love you. I was only fascinated with you because you were so carefree and wild, but I never— hrmmp!"

Hindi na nito natapos ang sasabihin dahil marahas niya itong siniil ng halik. She whimpered and tried to push him back but he didn't let her. He kissed her hungrily, hotly. Hanggang sa hindi rin nito napigilan ang sarili at kusang pumulupot ang mga braso nito sa kanyang leeg upang lalong idiin ang halik.

Marahas niya itong binitawan.

"You can't get married to him..." he whispered fiercely against her lips.

Nanginig ang mga labi nito. "I can't. Leon, please... stop being selfish! Lagi na lang sarili mo'ng iniisip mo! For once, isipin mo naman ang iba! Just

let me go!”

“Damn you,” he hissed through his teeth. “Ako ang mahal mo!”

“But it’s not enough...” Umiiyak na ito. “Maraming tao ang kailangang isipin. Lagi ka na lang ganyan, you don’t care about how other people feel as long as you’re happy. Isipin mo na naman ang iba... stop being so self-centered! Hindi sa ’yo umiikot ang mundo!”

“Leon!” Nanigas si Fiona nang marinig ang boses ng lalaki sa kanilang likuran. Mabilis itong humiwalay sa kanya.

Breathing hard, humarap siya sa lalaking nagsalita. It was Orlando Mondragon, ang ama ni Christian at ang lalaking umampon sa kanya.

“What is this?”

“Cut it out, Dad,” he drawled. “I was only convincing Fiona to ditch Christian, dahil ako naman talaga ang mahal niya.”

Nanlaki ang mga mata ng matanda, lumipad ang tingin nito sa dalaga. “Fiona—”

“It’s not her fault,” putol niya ulit sa ama. Matigas ang mga mata niya. “Don’t blame her. Wala siyang

kasalanan dito, ako ang pumipilit sa kanya.”

Humigit ng hangin ang don at napatim-bagang, nanatiling umiiyak si Fiona. Napamurang hinila niya ang dalaga at niyakap.

“It’s all right, I won’t let them hurt you,” bulong niya rito.

“Fiona,” matigas na tawag dito ni Orlando.

Matalim niya uling tinitigan ang huli. “Sinabi ko na, it’s not her fault!”

“Umalis ka na muna, Fiona. Mag-uusap kami ng anak ko,” anito sa matigas pa ring boses.

Walang nagawa ang babae kundi tumango at sundin ito. Tiim-bagang na pinanood niya itong maglakad palayo sa kanya. Nang makapasok ito sa elevator at magsara ang pinto noon, matalim niyang tinapunan ng tingin ang ama saka binirahan ito ng talikod. Padabog niyang binuksan ang pinto saka pumasok sa unit niya.

“What do you need from me?” he asked tersely.

Narinig niya ang pagbuntong-hininga ng ama. “Leon, itigil mo na ’to.”

“Why does everyone keep saying that?” Marahas

siyang humarap dito. “Bakit ko kailangang itigil ang paghabol sa mga bagay na mahalaga sa ’kin? Hindi porke hindi n’yo kinayang habulin ang kaligayahan n’yo, gusto n’yo ring gawin ko ang ginawa ninyo.”

Muling napatiim-bagang ang nakatatandang lalaki.

Nakakaloko siyang ngumiti rito. “O, di ba, totoo naman, Dad?” he sneered. “Hindi mo kinayang ipaglaban ang mga taong mahal mo kaya nga iniwan mo kami ni Mama, di ba? Kaya nga nagpakasal ka sa kauri mo ring mayaman. Kaya nga hindi mo ’ko maipakilala bilang tunay na anak mo, hindi ba? You can’t fight for the people you love. Pero ibahin mo ’ko, I will fight for the important things and people in my life to death, hindi ako titigil hangga’t hindi ko nakukumbinsi si Fiona na magiging miserable siya kapag nagpakasal siya kay Chri—”

“Stop it, Leon!” Nagtatagis din ang mga ngipin ng ama. “Wala kang karapatang dungisan ang nararamdaman ko sa ina mo. I love your mom more than I love—”

“You never loved her enough. Never enough, Dad,” uyam niya rito. “I will never be like you. I don’t care if the whole world condemns me. Hindi ako mabubuhay na natatakot sa sasabihin o iisipin

ng iba. Hindi ako magiging kagaya mo na iiwan ang mga bagay at taong importante sa akin dahil lang sa takot ko sa lipunang ginagalawan ko!”

Malakas siyang sinampal ng ama.

“Tumigil ka na.” Matigas ang boses nito. Malalim ang paghinga, nanatili siyang nakatiim-bagang. “Hindi mo alam ang sinasabi mo. Minsan, may mga bagay na mas importante kaysa sa nararamdaman ng isang tao. Hindi mo alam kung gaano kasakit sa akin na kailangan kong iwan ang mama mo. But I had to do it, para sa kompanya at sa dami ng taong umaasa sa akin.” Narinig niyang humigit ulit ito ng hangin. “Centennial anniversary bukas ng kompanya, be there.”

Iyon lang at iniwan na siya nito sa loob ng kanyang unit. Pagak siyang tumawa at hinimas ang masakit na pangang sinampal nito.

“Hypocrites,” usal niya sa sarili. “Coward hypocrites.”